AREA PRESIDENCY MESSAGE

May Mas Magandang Mangyayari Pa

Elder Michael John U. Teh

Ibinigay na mensahe sa Philippines Area Broadcast - 14 Enero 2012

Karamihan sa atin ay nagagalak pa hanggang ngayon sa napakagandang karanasan natin sa pagdiriwang ng ating Jubilee noong isang taon. Tunay ngang napakasayang karanasan ito. Nang rebyuhin namin ang pambihirang pagdami ng mga miyembro ng Simbahan sa lupaing ito, nalaman namin na tayo ang pinakamabilis dumami saanmang area sa unang 50 taon nito sa buong Simbahan. Tayo ay 659,000 na ngayon.

Panahon na upang lisanin ang unang 50 taon at italaga ang ating landasin para sa susunod na 50 taon. Napakaganda man nito, gusto kong ulitin ang sinabi ko sa aking mensahe sa area conference mahigit 8 buwan na ang nakararaan, "Wala pa tayong gaanong nakikita, may mas magandang mangyayari pa." Ang nakita natin ay ang huwaran ng mga bagay na darating pa lang.

Elder Michael John U. Teh

Karamihan sa inyo ay pamilyar sa kasabihan ng mga Pilipino na: "Ningas-kugon". Tulad ng alam ninyo, ang kugon ay isang mataas na damong madaling masunog kapag tuyo. Kapag nadarang ito sa apoy, mabilis itong nasusunog. Matindi ang pagliliyab nito pero agad natutupok sa loob lang ng ilang segundo. Pagkatapos niyon, namamatay ang apoy at abo na lang ang natitira. Kaya nga may negatibong kahulugan ang kasabihang ito. Madalas itong umangkop sa isang taong madaling masabik sa isang proyekto o gawain sa simula pero kadalasan ay hindi ito tinatapos. Ang pag-uugaling iyon ay hindi umaayon kailanman sa payo ng Panginoon sa atin na magtiis hanggang wakas. Ayon kay Pangulong Monson, laging tumatawag ng mga "tagatapos" ang Panginoon at hindi ng mga "tagasimula."

Ang pagdiriwang ng taon ng Jubilee ay nilayong mas magtagal kaysa pagkasunog ng damong kugon. Katunayan, inasahan namin na magiging daan ito sa pagdating ng mas

Karamihan sa inyo ay pamilyar sa kasabihan ng mga Pilipino na: "Ningas-kugon". Tulad ng alam ninyo, ang kugon ay isang mataas na damong madaling masunog kapag tuyo. Kapag nadarang ito sa apoy, mabilis itong nasusunog. Matindi ang pagliliyab nito pero agad natutupok sa loob lang ng ilang segundo. Pagkatapos niyon, namamatay ang apoy at abo na lang ang natitira. Kaya nga may negatibong kahulugan ang kasabihang ito.

Larawan iginuhit ni Emerson Abraham

marami at mas maiinam na bagay. Ngayong nakita na natin kung ano ang kaya nating gawin nang sama-sama, dapat itong magtulak sa atin patungo sa hinaharap. Layon naming ibahagi sa inyo ang isang "mas mainam na paraan" ng pagharap sa hinaharap na iyon.

Ngayong gabi gusto naming ibahagi ang aming layunin bilang Area Presidency habang nagtutulungan tayong itatag ang Simbahan. Bukod pa sa inyong mga mata at tainga, hinihiling naming buksan ninyo ang inyong puso't isipan. Tiwala kami na mangungusap sa atin ang Espiritu Santo ngayong gabi nang personal at bilang council.

PANGWAKAS NA MENSAHE

Habang lumalaki ang mga anak namin, sinusukat namin ang tangkad nila sa isa sa mga haligi ng pintuan namin sa aming tahanan. Bawat linya ay sinulatan namin ng petsa at ng pangalan nila. Ang mga linyang ito ay kumatawan sa kanilang paglaki. Lagi silang sabik na malaman kung gaano na sila katangkad kaya puno ng mga linya ang haligi ng pintuan. Bilang mga magulang, palagay ko sabik din kaming malaman kung ang pagtangkad nila ay katumbas ng kinakain nila. Gusto naming masulit ang ginastos namin.

Gayundin, kapag nagsimula tayong baguhin ang ating landas para makamtan ang mas maiinam na resulta, kailangan nating magpulong, magtakda ng mga mithiin, at magplano. At kapag sumulong tayo, rebyuhin natin sa pana-panahon ang direksyong tinutunguhan natin at sukatin natin ang ating pag-unlad. Sa paggawa nito mababago pa natin ang ating mga plano kung kinakailangan.

Ang isa pang mahalagang dahilan sa pagsukat at pag-uulat ay malinaw na ibinuod ni Pangulong Monson: "Kapag sinukat ang paggawa, humuhusay ang paggawa. Kapag sinukat at iniulat ang paggawa, mas lalo pang humuhusay ang paggawa."

Layon naming sundin ang payo ni Pangulong Monson sa pagsisimula nating maglakbay patungo sa susunod na 50 taon. Sabi nga ni Elder Nielson, naniniwala kami na labis nitong pag-iibayuhin ang ating pag-unlad. Hinihiling namin na iulat ninyo ang inyong pag-unlad bawat quarter. Mahalaga ito para makita namin bilang Area Presidency ang lagay natin bilang isang grupo. Gayunman, makikita ang tunay na kapakinabangan sa sarili ninyong mga presidency, bishopric, at council. Habang sinusubaybayan ninyo ang pag-unlad tatanggap kayo ng paghahayag hinggil sa "susunod na mga hakbang." Naniniwala kami na ang pagsukat at pag-uulat ay mga alituntunin ng kabutihan. Kung masigasig natin itong gagawin, magiging marapat tayong tumanggap ng tulong mula sa langit.

Wariin ninyo ang isang high jumper na gustong gawin ang lahat ng makakaya niya. Ang mithiin niya ay malagpasan ang pinakamataas na baras na kaya niyang talunin. Mahihirapan siyang malaman kung malalampasan niya ito kung wala namang totoong baras na tatalunin. Hindi niya masusukat ang kanyang pag-unlad ni hindi niya mapagbubuti ang paggawa niyon.

Bilang mga lider, inilagay tayong mga bantay ng Panginoon sa tore. Nabasa natin sa Isaias 21:6, "Sapagka't ganito ang sinabi ng Panginoon sa akin, Ikaw ay yumaon, maglagay

ka ng bantay; ipahayag niya kung ano ang nakikita niya." Kailangan nating manguna sa daan, balaan ang iba at isama natin sila o pananagutin tayo ng Diyos.

"Anak ng tao, ginawa kitang bantay sa sangbahayan ni Israel: kaya't pakinggan mo ang salita sa aking bibig, at ipanguna mo sa kanila sa ganang akin.

"Pagka aking sinabi sa masama, Ikaw ay walang pagsalang mamamatay; at hindi mo pinagpaunahan siya, o nagsasalita ka man upang hikayatin ang masama mula sa kaniyang masamang lakad, upang iligtas ang kaniyang buhay; ang gayong masamang tao ay mamamatay sa kaniyang kasamaan; nguni't ang kaniyang dugo ay aking sisiyasatin sa iyong kamay.

"Gayon ma'y kung iyong pagpaunahan ang masama, at siya'y hindi humiwalay sa kaniyang kasamaan, o sa kaniyang masamang lakad man, siya'y mamamatay sa kaniyang kasamaan; nguni't iyong iniligtas ang iyong kaluluwa.

"Muli, pagka ang isang taong matuwid ay lumilihis sa kaniyang katuwiran, at gumawa ng kasamaan, at ako'y naglalagay ng katitisuran sa harap niya, siya'y mamamatay; sapagka't hindi mo siya pinagpaunahan, siya'y mamamatay sa kaniyang kasalanan, at ang kaniyang mga matuwid na gawa na kaniyang ginawa ay hindi aalalahanin; nguni't ang kaniyang dugo ay aking sisiyasatin sa iyong kamay.

"Gayon ma'y kung iyong pinagpaunahan ang taong matuwid, upang ang matuwid ay huwag magkasala, at siya'y hindi nagkakasala, siya'y walang pagsalang mabubuhay, sapagka't siya'y nahikayat; at iyong iniligtas ang iyong kaluluwa" (Ezekiel 3:17--21).

Sa isang pulong kamakailan, matapos paalalahanan ng Korum ng Labindalawa ang mga Pitumpu na kanilang "palakasin ang Simbahan", iminungkahi ng ating senior president, si Elder Ronald Rasband, na isaalang-alang natin ang sumusunod na tumitimong mga tanong: "Kung hindi ngayon, kailan? Kung hindi tayo, sino?" Gusto naming ibigay sa inyo ang hamon ding iyon ngayong gabi habang pinag-iisipan ninyo kung ano ang kailangang gawin. Mga kapatid, kailangan nating palakasin ang Simbahan, "Kung hindi ngayon, kailan? Kung hindi tayo, sino?"

Ganito rin ang iniutos ni Elder Jeffrey R. Holland ng Quorum of the Twelve Apostles sa isang grupo ng mga stake at district presidency nang pulungin niya sila sa San Fernando, La Union, tatlong buwan na ang nakararaan. Sabi niya: "Mga kapatid, pamahalaan ninyo ang kaharian."

Itinuro pa ng mga Kapatid: "Para mapalakas ang Simbahan kailangan nating magkaroon ng tunay na pag-unlad." Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang ilang kahulugan ng TUNAY na pag-unlad na ibinigay nila:

"Ang kahulugan ng tunay na pag-unlad ay - Na yaong mga lumalaki sa Simbahan ay nananatiling aktibo at tapat, na-eendow sa templo pagsapit sa tamang edad, naoorden ang mga kabataang lalaki sa angkop na edad at nagmimisyon."

"Ang kahulugan ng tunay na pag-unlad ay - Na yaong mga nabinyagan sa Simbahan ay napananatili, umuunlad sa espirituwal sa pamamagitan ng pakikibahagi sa nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo at tumutupad sa kaugnay na mga tipan na humahantong sa Bahay ng Panginoon."

"Ang kahulugan ng tunay na pag-unlad ay - Pagpapanatili sa espirituwal na pagbabago ng puso na paghamon ni Alma na panatihilin ng mga tao: "At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, aking mga kapatid, kung inyo nang naranasan ang pagbabago ng puso, at kung inyo nang nadama ang umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig, itinatanong ko, nadarama ba ninyo ang gayon ngayon?" (Alma 5:26)

"Ang kahulugan ng tunay na pag-unlad ay - Pagsulong sa pagtupad ng layunin at hamon na: Ang Sion ay kinakailangang maragdagan sa kagandahan, at sa kabanalan; ang kanyang mga hangganan ay kinakailangang mapalawak; ang kanyang mga istaka ay kinakailangang mapalakas; oo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang Sion ay kinakailangang bumangon at magsuot ng kanyang magagarang damit" (DatT 82:14).

Sa kabuuran, ang kahulugan ng tunay na pag-unlad ay hindi lamang natin PINALALAWAK ang mga hangganan ng Sion, kailangan din nating PALAKASIN ang kanyang mga stake.

Nang dumating sina Elder Nielson at Elder Ardern sa Pilipinas, lagi nilang binabanggit kung gaano kalaki ang pasasalamat nila na may kasama silang katulad ko sa Area Presidency na isang tagarito at kilala ang mga tao.

Gayunman, sa pagdaan ng mga araw, tinuruan ako ng Panginoon ng napakahalagang mga aral. (1) Ang inaakalang kalakasan ko (bilang tagarito) ay maaari ding maging pinakamalaking kahinaan ko kung hindi ako mag-iingat. (2) Dumating ang mga tagapayo ko na may bagong pananaw at malamang na makita ang mga bagay-bagay "kung ano talaga ang mga ito" at hindi "kung ano ang ipinapakita ng mga ito." (3) May karunungan sa pagpapakilos ng mga Kapatid sa mga Pitumpu sa iba't ibang panig ng mundo.

Nasanay na akong gawin ang mga bagay-bagay ayon sa nakikita kong ginagawa ang mga ito nitong huling ilang taon. Mas madaling panatilihin ang lahat sa dati sa halip na baguhin ang mga ito. Napakalaki ng tuksong makampante sa aking kinaroroonan. Ngunit, kung patatangay ako, hindi ako magiging sensitibo sa Espiritu at tatanggihan ko ang pagbabago dahil iisipin ko na mas kilala ko ang mga taong ito kaysa mga tagapayo ko.

Ang totoo ay – Kung gusto natin ng mas maiinam na resulta, kailangan nating baguhin ang paraan sa paggawa ng ilang bagay. Ganito binigyang-kahulugang ni Benjamin Franklin ang kabaliwan: "Paulit-ulit na paggawa ng isang bagay at asahang iba ang kahihinatnan nito."

Kaya ngayong gabi magtatapos tayo kung saan tayo nagsimula: "Wala pa tayong nakikita at may mas maganda pang mangyayari." Ngunit ibinubulong ng Espiritu na dagdagan ko pa ang pahayag na iyan: "Ngunit ang PINAKAMAGANDA ay hindi darating kung hindi natin ito aasamin, paghahandaan, at papangyayarihin sa pamamagitan ng pagbabago ng paraan sa paggawa ng ilang bagay."

Mga kapatid, mahal namin kayo at malaki ang respeto namin sa inyo. Salamat sa pagiging kayo at sa anumang handa kayong gawin sa pagtulong na itatag ang Simbahan. Pagtutulungan natin ito.

Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

PAGSISIKAP NA TULARAN SI JESUS

"Ang paborito kong bahagi ng family home evening ay kapag kumakanta kami ng mga awitin sa Primary at mga himno. Pakiramdam ko ay malapit ako sa Ama sa Langit kapag kumakanta kami."

Mae Kyla C., 8 taong gulang
Legazpi Philippines Stake

"Gustung-gusto kong magdasal sa family home evening. Naghahalinhinan kami ng kapatid ko sa pagdarasal. Ipinagdarasal ko sa Ama sa Langit na lagi kaming magkaroon ng family home evening."

Maryleigh N., 8 taong gulang
Legazpi Stake

"Gustung-gusto ko ang mga nilalaro namin sa family home evening. Naglalaro kami pagkatapos magturo ni Mama o ni Papa. Lagi kaming nagkakatuwaan sa family home evening."

Jan Zipporah N., 6 taong gulang
Legazpi Stake

MGA TINIG NG MGA LDS SA PILIPINAS



FHE: Maliit Man, Kasya sa Lahat
Family Home Evening para Sa Mga Pamilyang may Mga Batang Musmos

Ni Ma. Teresa C. Pangilinan

Maliit pa siya ay gustung-gusto na ni Angelo, ang aking 10-taong-gulang na anak, ng family home evening. Madalas ay lingguhan akong umuwi para makapag-family home evening kami tuwing katapusan ng linggo. Isang hamon palagi sa aming mag-asawa ang gawin itong masaya at espirituwal para sa mga anak namin.

Madalas naming tanungin, sa pamilya namin, si Angelo kung paano niya gustong gawin ang FHE bawat linggo. Kung minsan ay iniimbitahan namin ang mga biyenan ko at iba pang kamag-anak na may maliliit ding anak.

Pero iniisip ko kung ano ang ginagawa ng ibang mga magulang lalo na yaong may mahigit sa isang anak (na edad 0 hanggang 11).

Noong 1915, sinimulan ni Pangulong Joseph F. Smith at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan ang pagsisikap na palakasin ang pamilya sa buong Simbahan. Nanawagan sila sa mga magulang sa Simbahan na tipunin ang kanilang mga anak minsan sa isang linggo para sa "Home Evening." Ang mga pamilya ay kailangang sama-samang manalangin at magkantahan, magbasa ng mga banal na kasulatan, magturuan ng ebanghelyo at makibahagi sa iba pang mga aktibidad. ■

Vicente family

Escalona family

NARITO ANG ILANG PERSONAL NA GINAGAWA NG MGA MAGULANG NA MAKATUTULONG SA INYO AT SA AKIN:

"Gumagamit kami ng mga araling akma sa mga pangangailangan ng aming mga anak at iniaakma namin sa edad nila ang aming paglalahad. Kung minsan din, gumagamit kami ng mga kuwento sa mga banal na kasulatan kung saan maaakit sila sa mga larawang naroon."

Raymond R. Vicente – may 4 na anak
Las Piñas Philippines Stake

"Nagpapatugtog ng mga action song sa piano si Daddy para matipon ang mga bata. Medyo mahirap ang pagtuturo, dahil gusto nilang kumanta, nagtuturo kami ng mga alituntuning may kasamang pagkanta mula sa aklat ng mga awit pambata, kaya kadalasan, nagkakantahan lang kami sa buong family home evening."

S. Venus Villasis – ina ng 3 batang babae
Antipolo Philippines Stake

"Hinahayaan namin ang mga anak namin na maghanda ng programa para sa aming family home evening para madama nila na mahalaga ang bahagi nila sa aktibidad. Sa paggawa nito, naobserbahan namin na lagi silang sabik at masaya na magkaroon ng regular na FHE."

Gil Escalona – may 4 na anak
Balanga Philippines Stake

Habang masigasig tayong nakikibahagi sa programang ito at ginagawa natin itong bahagi ng ating buhay, pinangakuan tayo na hindi lamang ito makatutulong na maprotektahan ang ating pamilya laban sa masasama sa ating panahon kundi paglalapitin din nito ang ating mga pamilya. ■

ANO ANG GUSTUNG-GUSTO NINYO SA FAMILY HOME EVENING?

Ang dalawang bagay na gustung-gusto ko sa family home evening ay ang mga bagong kaalamang natututuhan ko at napapalakas nito ang aking patotoo. Nagdo-dormitoryo ako malapit sa paaralan mula Lunes hanggang Sabado ng hapon at dahil diyan, hindi ko kasama ang pamilya sa mga home evening tuwing Lunes ng gabi. Pero kahit malayo ako sa amin anim na araw sa isang linggo dahil sa pag-aaral ko, lagi kong sinisikap na dumalo sa mga family home evening sa Manila Philippines Institute of Religion na kasama ang mabubuti kong kaibigan doon. Sila ang pamilya ko sa Manila. Sa pamamagitan ng mga aralin sa home evening, natututo at naliliwanagan ako. Lumalakas din ang aking patotoo. Gustung-gusto ko kung paano kami magdaos ng family home evening dahil maliban sa napapalakas ang aming espirituwalidad, may bonus pa ako kapag nagkikita-kita at nagkakakilanlan kami ng ibang mga single adult at nakikihalubilo ako sa kanila. Dahil sa mga bagay na ito inaasam ko ang aktibidad na ito kahit malayo ako sa amin. ■

Jeramie Saguinsin
Malolos Philippines Stake

Madalas kong mabasa sa Gabay na Aklat ng Mag-anak na, "[Lahat], anuman ang kanilang mga kalagayan, ay pagpapalain sa pamamagitan ng pagdaraos ng [family home evening]." Ako lamang ang miyembro ng Simbahan sa pamilya namin at malayo ako sa amin dahil sa pag-aaral ko. Malaki ang pasasalamat ko na mayroon kaming home evening para sa mga walang asawa sa ward namin, na masigasig kong dinadaluhan. Idinaraos namin iyon sa chapel minsan sa isang linggo, tulad ng regular na family home evening, at maraming young single adult (YSA) ang dumadalo sa aktibidad. May mga pagkakataon din na dumarating ang mga full-time missionary at may kasamang mga investigator. Madalas sumali sa amin ang bishopric at kung minsan ay isinasama nila ang kanilang pamilya. Marami akong natutuhan sa pag-uukol ng Martes ng gabi na kasama ang mga YSA. Maliban sa mga pulong ng Linggo at mga klase sa Institute, ang home evening ng mga miyembrong walang asawa ay isang bagay na inaasam ko linggu-linggo dahil sa pamamagitan nito ay lumalakas ang espirituwalidad ko. Ngayon ay marami na akong kaibigan sa simbahan na pareho ko ang mga walang-hanggang mithiin. Natutuhan kong mas mahalin ang mga miyembrong walang asawa at malaki ang paggalang ko kanila. Ang higit na mahalaga, lagi kong nadarama ang pagmamahal at pagmamalasakit ng ating Ama sa Langit tuwing magbibigay ng pangwakas na mensahe ang isang miyembro ng bishopric. Tunay ngang sa kabila ng aking kalagayan, nagtatamasa ako ng mga pagpapala sa pagdaraos ng family home evening. ■

Kimber Bulauitan
Manila Philippines Stake

Family Home

Ni Minnie Advincula

Sa isang karaniwang family home evening ay nagsasayaw ang lahat ng apat na anak ng mga Coronel at kinakanta ang himno ng kanilang paaralan, na ikinatutuwa ng kanilang mga magulang na sina Dindo at Winnie. May pagkain at aralin–sinusunod nila ang lahat ng nasa aklat. Pero sa mga panahong ito, hindi na karaniwan ang mga bagay-bagay sa pamilya Coronel ng Las Piñas 1st Ward.

Tatlo sa mga anak ang nag-aaral na sa kolehiyo, samantalang ang bunso ay magtatapos na sa high school ngayong tag-init. Ang family home evening ay hindi na basta pagtitipon ng tatlong batang lalaki at isang batang babae at pagsasabi sa kanila na kumanta o magsayaw na katulad noong mga bata pa sila. Tulad ng maraming iba pang pamilya, ang pinakamalaking hamon nila ay kung paano pag-uukulan ng oras ang pagdaraos ng family home evening.

Nagsimulang magbago ang mga bagay-bagay nang mag-aral sa high school ang mga bata. May mga club at praktis kaya ginagabi na sila ng uwi kaysa rati. Sa kolehiyo, mas malala pa. Ang panganay nilang si Arion Joseph Dallin, edad 22 na, ay nag-aaral sa Conservatory of Music sa University of Sto. Tomas bago siya nagmisyon noong 2009. Si Dallin kadalasan ay may praktis sa UST Symphony Orchestra hanggang hatinggabi.

Sa halip na maghintay ng pagkakataong makapagdaos ng family home evening, hinanap ng mga Coronel ang pagkakataong iyon. Sabi ni Winnie nagpasiya silang isama ang lahat ng bata sa mga praktis ni Dallin, isang bagong karanasan para sa pamilya

Evening sa Loob ng Isang Linggo

ngunit nagkaroon sila ng pagkakataong magkasama-sama. Habang dumarami ang mga pagbabago sa iskedyul ng mga anak, gumawa ng mas maraming pagbabago sina Dindo at Winnie sa kanilang family home evening. Halimbawa, paliwanag ni Winnie, maaari silang magdaos ng tinatawag niyang "home evening sa loob ng isang linggo."

"Ang ginagawa namin ay hinahati namin ang oras. Maaari kaming magturo ng aralin at magkaroon ng family council sa araw ng Linggo pero nagkakainan kami nang Lunes at ang partisipasyon naman ng pamilya (kung saan nagtatanghal ang mga bata o nagbabahagi ng kanilang talento) sa ibang araw," wika niya. Ang bilang ng mga araw na nagdaraos sila ng hati-hating family home evening ay depende sa iskedyul ng pamilya ngunit tinitiyak nila na natapos nila ang lahat bago sumapit ang susunod na Linggo. Ni hindi ito kailangang idaos sa gabi.

Mukhang mas mahirap kaysa idaos ito sa isang gabi lang. "Hindi naman," pagtutol ni Winnie, "talagang may mga panahon na hindi namin ito maidaos sa araw o linggong iyon kapag mahigpit ang iskedyul. Samakatwid, kailangan naming gumawa ng paraan." Ang pagdaraos ng family home evening sa isang gabi lamang ay karaniwan nilang natatapos sa loob ng dalawa't kalahating oras. Kung hahatiin nila ang oras sa ilang araw, hindi sila gaanong mahihirapan.

Si Dindo, na may sariling negosyo, at si Winnie, na nagtatrabaho bilang guro, ay naglilingkod din bilang stake Young Men at Young Women president. Alam nilang lagi silang abala ngunit ayaw nilang ipagkait sa kanilang mga anak ang pagdaraos ng family home evening, kaya nagpasiya sila na palaging iakma ang kanilang family home evening nang hindi tinatanggal ang mahahalagang bahaging makatutulong sa tagumpay nito. "Dapat ay lagi itong masaya," sabi nila, kung hindi ay nagiging karaniwang araw lang ito at baka mawalan ng gana ang mga bata. Masaya rin kung may pagkain at may iba pang mga aktibidad tulad ng laro at pagtatanghal ng talento. Ang susi, para kina Dindo at Winnie, ay ang maghanda, magsakripisyo at umakma. "At maganda ang kalalabasan nito," sabi ni Winnie, at iyon ang laging inaasam ng mga bata rito at ang napalakas na ugnayan ng pamilya.

Si Renz Marion, 16, ang bunsong anak, ang pinakasabik na magpakita ng talento. Sinabi niyang naghahanda siyang mabuti para sa family home evening sa pagtiyak na natatapos niya nang maaga ang lahat ng gawain niya sa paaralan. Sinabi kapwa nina Dallin at Wildon Siegfried, 18, na hindi sila nababagot sa family home evening kahit kailan dahil pakiramdam nila ay lagi lang nilang kasama ang kanilang mga kaibigan. Si Patricia Bernice, 20, ay malayo sa pamilya dahil nag-aaral siya sa Brigham Young University sa Hawaii.

Nagbiro si Dindo na nasa edad na ang mga bata kaya pwede na silang mangulo sa family home evening. Ngayon ay sila na ang nagtuturo ng aralin at namamahala sa halos lahat. "Dapat silang bigyan ng tungkulin at responsibilidad," wika niya.

Kung mayroon mang hindi nagbago sa kanilang family home evening sa nagdaang mga taon, iyon ay na hindi sila nauubusan ng gagawin. "Talagang napalakas kami nito; may mga pagsubok kami pero dahil nag-uusap kami, nalulutas namin ang mga problema," sabi ni Winnie. ■

Coronel family

2012 Philippines Area Goals

Strengthen Families

- Every family has daily prayer, scripture study, and weekly family home evening.
- Each member has his/her own scriptures.
- Increase number of temple recommend holders from _____ to _____

Establish the Church

- Increase the number of active Melchizedek Priesthood Holders from _____ to _____
- Increase Sacrament Meeting attendance from _____ to _____

FEAST upon the WORDS of CHRIST, for behold, the words of Christ will tell you all things what ye should do.

2 Nephi 32:3

Save the Rising Generation

- Increase the number of Young Men serving missions this year from ____ to ____
- Increase YSA attendance from _____ to _____

Rescue the One

- Each member rescues someone this year.
- Every ward council prepares and maintains 15 names for activation for members and missionaries to teach.